# Gagambang-Bahay

BUOD:

Isang domestic helper sa Gitnang Silangan si Marites. Kasama ng iba pang nangangamuhan sa bahaging iyon ng mundo, mistula silang mga gagambang-bahay na nangungunyapit sa nakalululang mga pader ng Shaheen Suites tuwing umaga. Ilan sa kanila ay naglilinis ng mga salaming bintana at de-tulak na pinto. May mga nagsasampay o nagsisilong ng mga nilabhang damit, sapatos, basahan, at karpet. May mga nag-iiskoba ng pader na nanlilimahid sa alikabok, amag, at lumot. May mga nanunungkit ng mga sapot at agiw sa mga barandilya at sulok-sulok. Isa sa kanila si Marites na tila ba kinalimutan na ang iniwang pamilya sa Pinas. Katsokaran niya ang daldalerang si Anissa, na ayaw magpatawag sa tunay niyang pangalan. Itinaboy ang mga gagambang-bahay ng total lockdown dahil sa pandemyang gawa ng COVID-19, hanggang sa unti-unti silang makabalik sa kani-kanilang puwesto. Isang araw, nakatanggap si Marites ng dalawang balita. Una, pinababalik na siya sa Pinas ng kaniyang amo. Ikalawa, binawian ng buhay ang kaniyang matalik na kaibigan. Sa eroplanong magbababa sa kanila sa Maynila—na lulan din ang mga labi ni Anissa—nalantad ang pinakatatagong kuwentong-buhay ni Marites, na maaaring siyang dahilan kung bakit pinutol niya ang ano mang ugnayan sa iniwan niyang pamilya.

DALAWANG TAON PA BAGO MAPALITAN ang nakaupo sa Malakanyang nang lumipad si Marites mula sa pandaigdigang paliparan sa Maynila para mangamuhan sa bansang tumanda siyang wala kamalay-malay ay naroon pala sa mapa. Wala pang laglag-bala noon at hindi pa ikinakabit sa kaniyang pangalan ang bansag sa isang kapitbahay na makatí ang dilà. Hindi niya mabitawan ang cellphone niya sa buong biyahe. Sinisipat niya ang pag-usad ng bawat oras. Kinakalkula sa isip kung anong oras siya makakarating sa kaniyang destinasyon. Bantay-sarado niya ito sa takot na abutan ng pagka-lowbatt. Hindi iyon nangyari, at hindi na niya matandaan kung paano niya nakontak ang sumundo sa kaniya sa paliparan hanggang sa makarating siya sa tinutuluyan ng kaniyang amo.

Naninirahan ang mag-anak ni Haasim El Sayed, ang employer ni Marites, sa isang yunit sa ikalabindalawang palapag ng Shaheen Suites, isang apartment block na ang façade ay pininturahan ng kakulay ng tahini sauce. Isa iyong hugis-tatsulok na gusaling nakatindig sa gitna ng pa-Y na kalsada sa sentrong lungsod. Bago nanalanta ang pandemyang dala ng COVID-19, nilulunod iyon ng mga busina at satsat ng sari-saring taong dumaraan. Dahil sa magkakaibang laki ng mga bintana at balkon niyon, mistula iyong isang higanteng keso. Nasa tungki ng keso ang pinakaentrada. Sa kanang tagiliran niyon tumatama ang mga sibat ng araw, sakto sa gawing bintana at balkon ng mga El Sayed, kaya pirmi nakakubli ang mga durungawan sa mala-alpombrang mga kurtina.

Ang apartment block na iyon ang pinakabago at pinakamataas na gusali sa distrito. Kitang-kita ang malapad na kanang tagiliran ng Shaheen Suites ng mga naglalakad sa maluwag na bangketa sa di-kalayuan kahit may nakapagitang apat na lumang gusali. Kahit pa nakaharang ang isang pader na yari sa hollow blocks at puno ng graffiti, na nahahawig sa kondisyon ng pader na itinayo para ietsapuwera ang Palestina sa Betlehem.

Tuwing umaga, parang mga gagambang-bahay ang mga nangangamuhan sa mga mata ng mga napapatingalang naglalakad sa gilid ng kalsada. Iniluluwa ang mga gagambang-bahay ng mga bintana mula sa ikalima hanggang ikalabing-apat na palapag ng Shaheen Suites. May mga naglilinis ng mga salaming bintana at de-tulak na pinto. May mga nagsasampay o nagsisilong ng mga nilabhang damit, sapatos, basahan, at karpet. May mga nag-iiskoba ng pader na nanlilimahid sa alikabok, amag, o lumot. May mga nanunungkit ng mga sapot at agiw sa mga barandilya at sulok-sulok.

Naitaboy ang mga gagambang-bahay ng pagdedeklara ng total lockdown ng gobyerno. Ngayong buwan lang sila pinayagang lumabas ulit at mangunyapit mula sa mga balkon ng bawat yunit.

Nang umagang iyon, habang nagbabalanse sa pasimano ng bintana, napansin ni Marites ang kababayan niyang dumungaw sa kahilerang bintana.

"Huy, Anissa!" agaw-atensiyon niya, sa gasgas-ngalangalang tinig ng isang sirkerong tumatawid sa alambreng nakalambitin sa ere. Isang maling hakbang ay magagaya siya sa isang pakwan na napanood niya sa *YouTube* na ihinagis mula sa kaparehong distansiya ng palapag kung saan siya naroon. Lumuwa ang laman at mga buto niyon nang kagyat na mabiyak pagsayad sa kongkreto.

"Huy, Anissa! Mare! Mars! Kanina pa kita hinihintay!"

"Sinabi nang huwag mo akong tawaging Anissa rito, ne. Baka mapagkamalan akong kalahi nila." Bea ang ibininyag niya sa sarili niya sa bansang iyon. Kasunod ng pangalan ng paborito niyang artista.

"O, siya. Bea na kung Bea. Ano, kasi. Kailan ka lalabas ngay? Pabili naman ako ng parasetamol. Sige na. Isang banig."

"Ha? Bakit ako? Bakit hindi ikaw ang bumili?"

"Abonohan mo muna. Babayaran kita pagbalik mo. Pramis ngay. Naubusan lang ako."

"Bakit nga hindi ikaw ang bumili?"

"Sige na, mars! Heto naman, o. Parang hindi kaibigan eh. Ano, kasi. Para kasi akong lalagnatin."

"Ha?" pag-iiba ng tono ni Anissa. "Sige, sige."

"Maraming salamat unay. Bayaran ko mamaya."

"Sige. Pero, mars… Umamin ka. May panlasa ka ba?"

Napatingin si Marites sa sumisipol na hangin sa ibaba. Sa totoo lang, sa mga pagkakataong gaya nito, parang may bumubulong sa kaniya at pumapasok sa isip niyang lumukso sa ere tulad ng isang sirkerong nakalimot sa sarili.

SINUNGKIT NG BUONG tabletas ang lalamunan ni Marites kahit itinulak na niya ito ng isang basong tubig. Napa-*shukran* siya, sa halip na *agyamanak*. Sa anim na taon niya sa bansang iyon, na-rewire na ang kaniyang dila. Pati ang pagsasalita niya ng Tagalog, na matigas dahil sa kaniyang diyalekto, ay nahahaluan na rin ng puntong kung hindi Ingles ay may halong Arabo. Tinungkab niya ang isa pang panselyong foil sa banig ng gamot, saka kinutsara ng kuko ang nasa loob. Sinundan niya ng isa pa ang linulong parasetamol.

Ganoon lagi ang ginagawa niya kalahating oras bago bumaba sa lobby mula sa tinutuluyan ng pamilya ng kaniyang amo. Mula nang magka-lockdown, at kahit nang lumuwag-luwag na ang paghihigpit ng gobyerno, halos mamatay siya sa nerbiyos kapag nauutusang lumabas sa pintuan ng yunit, tahakin ang pasilyo, at sumakay sa elevator. Kagaya niya ang mga astronaut sa buwan sa paghakbang palabas ng lobby, sa pagtawid patungo sa nagliliwanag na

entrada ng Shaheen Suites. Nakasuot ng hazmat suit ang mga empleyadong naglisaw roon. Astang naka-full battle gear. Habang siya at ang iba pang mga residente at bisita ay face shield at face mask lang ang pananggalang sa atake ng bayrus.

Para bang mga kandilang nalulusaw ang mga tuhod ni Marites habang papalapit nang papalapit sa guwardiya. Nakapila ang mga tao papunta sa manong na kargado ng de-bateryang pusil, naghihintay na mabaril sa noo o sa pulsuhan. Pigil niya ang magkabilang kamay sa magkabilang tagiliran, piga-piga ang wallet sa isa. Pagtapat niya sa guwardiya, napapikit siya. Pakiwari niya, para siyang tutukhangin kapag tinututukan ng baril na pantsek ng temperatura.

Madaling maitago ang paglaho ng panlasa at pang-amoy. Ang iniiwasan niya ay mahuli siyang parang sinisilaban sa lagnat, sintomas man ito ng impeksiyon o pamamaga ng kahit anong bahagi ng kaniyang katawan. Natatakot siyang ma-admit. Mas maraming pribadong ospital sa bansang iyon. At ang mga pampublikong ospital ay nagbibigay lang ng tulong pinansiyal sa mga nasa laylayan.

Nagkulay-berde ang mata ng baril.

Nabunutan ng tinik sa dibdib si Marites. “Shukran,” sambit niya na parang bulong sa pagkakakulob sa loob ng mask na suot.

“Afwan,” bantulot na sagot ng guwardiya. Nagdalawang-isip kung tama ba ang narinig.

UNTI-UNTI NANG NAGBUBUKAS ang mga tindahan matapos bawiin ang total lockdown na naging partial kalaunan. Patungo si Marites sa nagtitinda ng sari-saring herbs sa palengke. Doon siya bumibili ng mga pampalasa at karne, hindi sa grocery kung saan naman siya bibili ng iba pang rekado. Mahigpit na bilin ito ng amo niyang si Haasim, na siyang humaharap sa kusina dahil ni hindi marunong humawak ng kutsilyo at sandok ang misis. Batid ni Haasim kung saan

matatagpuan ang mga sariwang karne at isda. Paliwanag niya, hindi dapat pagkatiwalaan ang lasa ng mga karneng ibinabagsak sa malalaking supermarket dahil parang mga bangkay ang mga itong isinalansan sa freezer. Kumapit na ang yelo sa mga himaymay kaya, kapag natunaw na, mas matabang na ang karne kaysa dati.

Inaasahan ni Marites na nauna na si Anissa sa tabi ng tindahan ng suki nilang nagtitinda ng mga pampalasa. May hinala nga siyang bumigay na rin ang sadeeqa niya sa walang kasawa-sawang palipad-hangin ng tinderong Lebanese. Patalon-talon ang mga mata ni Marites sa mga nakakasalubong. May dala yatang kani-kaniyang magnet na may magkakaparehong pole ang mga naglalakad. Kulang na lang ay itaboy nila ang isa't isa. Kaya parang puganteng ilag din sa kanila si Marites sa pagbagtas sa nalikhang sariling ruta sa humigit-kumulang anim na taon.

Natanaw siya ni Anissa nang papatawid na siya mula sa kabilang kalsada. "Mars!" kaway nito sa kaniya. Nakipagpatintero siya sa hangin hanggang sa salubungin ang yakap ng kaibigan. Yakap na may social distance pa rin. Tanging physical contact nila ang abutan ng mga kamay na babad pa sa amoy ng isopropyl alcohol.

Pumadyak-padyak ang nagpapatawag na Bea habang aktong nilalamukos ang sariling mukha. "Mars, alam mo ba ang latest?" usisa nito.

"Ano ngay?"

"Si Lloydelyn, mars!" Tinutukoy ni Anissa ang babaeng namamasukan sa kabilang building, na ang pangalan ay pinagsamang Lloyd at Jocelyn, mga pangalan ng kaniyang mga magulang. Kakarating lang nito noong isang taon at isang beses lang nilang nakita. Nakilala nila ito sa Christmas party na inorganisa ng mga Pinoy noong Nobyembre. Oo, maaga nilang idinaos ang okasyong iyon dahil kailangan nilang sabayan ang abalang Disyembre ng kani-kanilang mga amo.

"Lloydelyn na taga-Surigao?"

"Siya nga! 'Yung pilipit ang dila kapag nag-i-English."

"Naku, Anissa. Hindi ba ganyan ka rin naman noong bagong salta ka rito? Naghihimutok ka lang yata dahil natalo ka niya sa *Pinoy Henyo* noong Christmas party."

"Ano ka! Pagod lang ako noon. Utusan ba naman ako bigla ni madam na iskobahin ang tatlong banyo nila."

Napahagikgik si Marites. "Sabi mo eh. Ano nga pala ang balita mo tungkol sa kaniya?"

"Ayun na nga! Isinugod sa ospital si Lloydelyn noong isang araw. Nag-positive siya sa COVID. Hayun, inilabas siya sa building nila sakay ng wheelchair. Marami tuloy ang nakakita!"

"Itinago niya siguro ang sakit niya. Mahirap nang magkasakit, maospital pa kaya. Wala naman tayong sick leave, sino ang mag-aalaga sa atin? Sino ang—" Napatigil si Marites nang mapansing nakakuyom na ang sariling kamay habang nangungusap sa tonong para bang nagde-declamation.

"Kumusta ka naman, ne?" singit ni Anissa. "Kumusta na kayo ng pamilya mo? Nag-uusap na ba kayo?"

Pumalatak si Marites saka umiling.

"Mars, kailangan mo na silang kausapin. Paano kung magka-COVID ka rito? Paano kung umuwi kang—? Alam mo na ang ibig kong sabihin, ne. Kailangang may mag-asikaso sa iyo. Sa atin. Wala tayong aasahan dito. Kaya tingnan mo ako, sinisigurado ko talagang makakapag-video call ako sa pamilya ko araw-araw. Isinisingit ko sa pagtatrabaho, sa paglilinis, kapag hindi ako nakikita nila madam. Kapag gabi bago ako matulog, kahit na hindi na ako makagulapay. Madalas nga nakakatulugan ko na ang pakikipag-usap sa kanila."

Nasamid si Anissa sa sinabi niya. Tinawanan niya ang sarili niyang kalbaryo.

Ilang ulit na ring naisalaysay sa isa't isa ng magkaibigan ang mga kuwento ng mga buhay nila. Wala pang COVID noon. Isang araw, habang nagpipiknik sa lilim ng isang puno sa parke, nagkabiruan pa nga sila—o baka seryoso talaga iyon—na susulat sila kay Ate Charo. Kung hindi matatanggap sa *Maalaala Mo Kaya*, ipapasa na lang nila sa kung kaninong direktor. Kay Marilou Diaz-Abaya? Kaso patay na iyon. Kay Joel Lamangan? Politikal ang mga pelikula niya, at baka lagyan pa ng bold. Saka nila napagkasunduan na mamimili na lang sila sa tatlo: kung hindi man kay Bb. Joyce Bernal ay kay Cathy Garcia-Molina o kay Antoinette Jadaone. Ano naman ang pamagat kung sakali ngang maging pelikula? *Huli Kang Naging Akin* ang kay Anissa. Ayaw raw kasi niya ng *Pangalawa Kang Naging Akin* dahil ayaw niyang maging kabit, kahit nagsimula nang mauso ang ganitong tema sa mga pelikula at palabas sa TV. Matagal na nag-isip si Marites. Saka, pagkatapos ng halos kalahating oras, nakapagdesisyon na sasabihin na lang niya ang sagot kapag magkita sila ulit ni Anissa. At nang mangyari iyon, ang sagot niya ay *Hihintayin Kita Sa Impiyerno*.

Muntik nang maibuga ni Anissa ang nginunguya niyang tsitsirya. Mukhang puno ng drama ang buhay mo, sabi niya kay Marites. Ano ba kasi ang nangyari?

Nagsimulang magtapat si Marites.

"Ano, kasi. May anak akong iniwan sa Pinas bago ako umalis."

"Talaga? Lalaki o babae? Anong pangalan? Ilang taon?"

"Girl. Six years old na ngay. Eunice ang pangalan niya."

"Kinder na siya, ne? Matanda na ang six years old kung preschool. Kinder 2? Masipag ba siyang mag-aral? Sinabitan ba ng medals?"

"Hmm… Masipag naman."

"Kamukhang-kamukha mo siguro siya. Umiyak ba siya nung umalis ka? Umiyak ka siguro nung nalaman mong makakaalis ka na. Lalo na, ne, nung papaalis ka na talaga. Ang iba kasi pinapatulog muna ang mga anak bago umalis para hindi sila mag-iiyak at magwala kapag isinama pa sa airport. Pati mga maleta nila itatago sa mga anak nila para hindi makahalata ang mga wala pang muwang."

"Hindi na siya nakasama sa airport."

"Ay, bakit?"

"Kinuha siya agad ni Lord. Nagka-dengue kasi."

"Mayghaaad!! Sorry, mars! Hindi ko alam."

"Hindi. Okay lang ngay. Hindi namin naagapan ang sakit niya. Akala namin simpleng lagnat-laki lang. Wala rin kasi kaming pampa-check up. Ayun, hindi nawala ang lagnat niya. Wala kaming makitang tawa-tawa. Tumirik na ang mga mata niya bago namin napakain ng itlog ng pugo."

"Diyos ko Lord! Ano ang sabi ng mister mo?"

"Ano naman aasahan mo run?"

Baka naghiwalay na si Marites at ang asawa niya bago pa nagkasakit ang anak nila, hinuha ni Anissa. O baka hindi talaga sila kasal. O baka kasal sila, pero nangibang-bahay ang lalaki. Nambabae—o nanlalaki, pwede rin—at nagbisyo. Droga, sugal. Hindi pa uso noon ang online sabong. Pumasok sa isip niya ang balita tungkol sa pulis na nangholdap ng isang courier service dahil nalulong at nalubog sa utang kaka-online sabong. Kung saan-saan na dumako ang isip niya. Kaya hindi na siya nag-ungkat pa.

"Ano ang sabi ng mga kamag-anak mo? Wala ba kayong nahingan ng tulong kahit na mga kapitbahay ninyo?"

"Wala namang maitutulong ang mga kapitbahay namin dahil mas nangangailangan pa sila kumpara sa amin. Sunod-sunod ang nagka-dengue sa eskinita namin noon. Nakuha siguro ng anak ko ang sakit niya sa mga kalaro niya. O sa school. Namatay na rin sana ang lamok na 'yun. Napitpit na sana ng tsinelas o nakuryente sa electric lamp."

"C-condolence," litong sabi ni Anissa.

"Matagal na 'yun ngay. Dalawang taon na siyang nasa sementeryo bago ako napadpad dito."

Baka iyon ang dahilan kaya hindi na kinokontak ni Marites ang sino man sa pamilya niya. Wala din namang dumarating na balita mula sa probinsiya nila na ipinaparating sa kaniya ng kakilala ng kakilala nila o ng agency kaya. Hindi gaya ni Anissa na nasasagap ang lahat ng kuwento sa lugar nila. Kung sino sa mga kapitbahay nila ang nalumos sa sabaw, naging bedridden, o tuluyan nang kinalawit ni Kamatayan.

NAISIP NI MARITES na mangyayari iyon sa sala: magkasalikop ang mga kamay ng kaniyang amo, seryoso ang mukha na tila nagsisisi, katabi ang misis na mukhang naninisi at dalawang anak nilang itinatago ng mga braso ang mga mukha, kaya maririnig lang ang manaka-nakang paghikbi. O sa harap ng hapag-kainan habang walang kahit anong nakahain o iba pang bagay na nakapatong sa mesa. Spic and span. Pwede ka nang manalamin. Siyempre siya ang naglinis niyon.

Pero isang araw, sinugod siya ni Haasim sa laundry room, habang sumisirko ang mga kumot, mga punda, at mga kubrekama sa pinaghalong tubig at liquid detergent sa loob ng washing machine.

Umatungal ang aparato saka naglabas ng maruming at mabulang tubig. Muli itong nagbuhos ng tubig saka umandar.

“Are you finish?” para bang naiinip na usisa ni Haasim.

“Sorry, sir. I just started,” sagot niya.

“Kill it.”

“Yes, sir.” Dali-daling tinutop ng daliri niya ang buton. Pero ‘off’ ang napindot niya, sa halip na ‘pause.’

Parang kotseng biglang nagpreno ang umaalimpuyong tub.

“You need me to cook something, sir?” Laging ganoon kasi si Haasim kapag ora-oradang lumalapit sa kaniya.

“No. Noooo,” anang amo niya habang iminumuwestra ang ibig sabihin sa dalawang kamay. At nang matiyak na ang atensiyon ng buong laundry room—pati ng ilaw at gripo—ay nakatuon na kay Haasim, nagpatuloy siyang magsalita. “Marites… You know Farez and Abila are already old.” Tinutukoy nito ang anak na lalaki na kasing-edad ng anak niyang si Eunice at panganay na babae na nasa hayskul na.

“Yes. Young man and young lady.”

Tumango si Haasim. “Marites, later go to the ticketing office, huh? You are now free.”

“Sir?” Pero may kutob na siya kung ano ang mangyayari. Pakiramdam niya, para siyang alipin sa palasyo na pinalalaya ng isang dugong bughaw.

“You buy plane ticket. Go back to Philippines.”

Anim na taon na siyang naninilbihan sa kanila. Walang uwi-uwi. Kahit buhay-dalaga ay matipid siya sa damit at pagkain. Wala siyang kahit anong luho. At dahil hindi siya nagpapadala sa kahit kanino sa mga kamag-anak niya sa Pinas, naipon nang naipon ang pera niya. Hanggang

sa dumating ang pagkakataong sa kaniya na lumalapit ang mga kababayan niya roon na may malaking pangangailangan. May mga umutang sa kaniya ng sampung libong piso kung iko-convert sa pera natin. May mga umutang ng tatlumpung libong piso. May limampung libong piso. May mga masipag magbayad, pero agad ding nangungutang pagkatapos. May mga inabot na ng ilang taon ay hindi pa rin nakakapagbayad sa kaniya. Iniisip niya ngayon kung paano masisingil ang mga ito kung pauuwiin siya sa Pinas. Ang natira sa savings niya ay ipinasok naman niya sa isang investment scheme na inilapit ng isang ipinakilala sa kaniya ni Anissa. Artista raw sa Pinas ang isa sa mga nagpapatakbo ng kompanyang namumuhunan kaya walang magiging gusot.

Batid ni Marites na nagkaproblema sa trabaho ang kaniyang amo sa dulo ng lockdown. Naisip na niya ang ganitong senaryo. Nila ni Anissa. Sakaling may mangyaring ganito, ang agad nilang gagawin ay maghanap ng ibang malilipatan. Kahit abutin sila ng ilang buwan at mag-expire ang working visa nila. Maaaring rumaket muna sila. Kahit ano. Basta papasok ang pera. O kaya, biro ni Anissa, isusuko na lang niya ang Bataan sa tindero ng mga pampalasa para pakasalan siya sa kahit saang simbahan. Ungkat naman ni Marites, bakit hindi pa sa mayaman siya magpasakal, este magpakasal.

Next-in-rank na si Haasim sa chief executive ng isang advertising and public relations agency bago magkapandemya. Karamihan sa mga kliyente nila, sa halip na mga kompanyang naglalabas ng iba't ibang produktong komersiyal sa merkado, ay mga politiko o mga nag-aambisyong maging politiko. Nang magka-lockdown, naging work-from-home na ang moda ng kanilang operasyon. Gayon man, unti-unting tumiklop ang malalaking proyektong hawak nila o nagpahawak sa kanila. Hindi na alam ni Marites ang iba pang pangyayari, pero malamang sa

hindi, natanggal sa trabaho si Haasim at sa ilang buwang ipinataw ang lockdown, nagalaw na nito ang sariling ipon.

Baka wala nang maipansuweldo sa kaniya si Haasim. Nangutang na rin ba ito sa bangko o kung kanino? Hindi na kailangang tanungin kung magkano ang bayad buwan-buwan sa Shaheen Suites, lalo pa't nasa mataas na palapag sila. Habang papalapit yata sa langit ay mas mahal ang bayad sa renta. Mas maririnig siguro ang mga dalangin. Hanggang sa siguro makamayan na ang Diyos. Kung lalapit sa kaniya si Haasim papautangin ba niya? Ibang klase rin ang mga sitwasyong iniluwa ng pandemyang dala ng COVID-19. Darating ang pagkakataong ang kasambahay na ang magpapautang sa amo.

"When?" nasabi niya na lang.

"As soon as possible. Later?"

As if may choice siya. Kailangan na rin yata niyang bumili ng bagong maleta. Baka hindi na tanggapin sa airport ang maleta niyang napigtas na ang isang bahagi ng carry strap at hindi na gumugulong ang isa sa apat na spinner wheel. Magpapasama siya kay Anissa sa flea market. Maghahanap siya ng mga class A roon. Pero bakit pa siya magtitipid? Oo, sa mall na lang para mas matagalan ang gamit. Kakausapin na rin niya nang masinsinan si Anissa. Tutal nanghiram ito sa kaniya ng tatlumpung libo dahil na-stroke ang tiyuhin nito. Kawawang Anissa. Pati babaero at sugarol na tiyuhin ay kargo pa niya ang pagpapagamot mula sa pagpapaospital hanggang sa maintenance nito paglabas. 'Kadugo ko pa rin 'yun,' nakayukong sabi nito nang iabot niya ang mga dolyar sa halip na mag-bank transfer. Sana ipinaputol mo na rin ang ari, kantiyaw niya.

Pero dalawang araw nang hindi nagpapakita ni dulo ng daliri ni Anissa sa labas ng bintana ng amo nito. Hindi kaya isinama ng amo at buong pamilya sa pagbabakasyon sa Europe

o sa US? Tutal lumuwag na ang restrictions sa mga nagbibiyahe papasok at palabas ng bansa. Huwag naman sana nilang maisipang tuluyang mag-migrate sa ibang lugar kasama si Anissa. Paano na ang utang nito sa kaniya? Kokontratahin pa naman sana niya ito para siyang maningil sa mga may utang sa kaniya kapag nagbalik na siya sa Pinas. Kailangang um-oo si Anissa sa kaniya bago niya kausapin isa-isa ang mga nanghiram ng pera sa kaniya at abisuhan silang itinalaga niya ang kaibigan para opisyal na tagatanggap ng mga bayad nila. Ibibigay na lang niya kay Anissa ang bank account number niya sa Pinas kung saan ipapadala ang mga datung.

Nagpaalam siya kay Haasim na lalabas sandali para bumili ng maleta pagkatapos niyang maglaba at magsampay. Hindi na siya pinigilan nito.

SA FLEA MARKET dinala ng kaniyang mga paa si Marites. Hindi maitago ng suot na face mask ang bigat ng kaniyang nararamdaman. Abot ito hanggang sa kaniyang mga hakbang.

Binulabog ang kaniyang pag-iisip ng isang sigaw. May tumawag sa pangalan niya. Lumingon siya sa kaliwa at kanan. Natagpuan niya ang hinahanap ng mga mata. Napaatras pa siya nang parang pasugod itong lumapit at halos ihampas ang hawak nitong mga paper bag. Si Lloydelyn.

“Oy, kumusta? Nakalabas ka na pala sa ospital.”

Tumango ang kausap. “Kanino mo nabalitaan?”

“Kay Anissa—kay Bea. Alam mo naman ‘yun. Sa kaniya kasi bumibili ng prepaid cards ang mga kababayan natin, kaya parang antenna kung makasagap ang mga tainga niya.”

Bumagsak ang mukha ni Lloydelyn. “Hindi mo pa ba nababalitaan?”

“Ang ano?”

“Isinugod sa ospital si Bea.”

“Talaga? Kailan?”

“Kahapon lang. Pero hindi rin nagtagal. Kasi… Wala na siya.”

Nakaramdam ng pagkahilo si Marites. Napakapit siya sa braso ng kausap. “Wala na? Anong wala?”

“Wala na. Sumuko na ang katawan niya. Inaayos na nga namin ang mga papeles niya para maiuwi ang bangkay niya sa Pinas.”

Namin? ‘Bakit wala ako sa eksena?’ ungkat ni Marites sa sarili. Dapat siya ang nangunguna sa paglakad sa mga iyon. Napamura siya sa narinig. Kailan ba niya huling nakausap si Anissa? May asthma raw kasi ang kaibigan niya. At sa bagsik ng bagong variant ng COVID na dumapo sa kaniya, kinain na ang ilang bahagi ng bagà. Kung nakausap niya nang harap-harapan si Anissa sa loob ng tinatawag nilang incubation period, malamang ipa-quarantine din siya. Binilang niya ang mga araw. Mabuti na lang hindi. Iyon ang ipinabatid niya kay Lloydelyn. Pero hindi ba talaga?

Nakapili na ng maleta si Marites. Halos kahawig iyon ng maletang dala niya mula Pinas anim na taon na ang nakakaraan. Ipinareserba niya iyon sa nagtitinda. Babalikan niya pagkatapos bumili ng tiket sa eroplano pauwi sa kaniyang lupang sinilangan.

NASIPAT NG MGA bata ang hatak niyang maleta pagpasok niya sa pintuan ng yunit.

“Where are you going?” salubong agad sa kaniya ni Abila na nakasalampak sa sala set at tinanggal ang suot na earphones.

Tumakbo papunta sa kaniya si Farez. Siniyasat nito ang maleta saka tumingala sa kaniya. “Are you leaving us?” usisa nito.

“I need to go back to the Philippines. My family needs me,” sagot niya, kahit wala naman siyang balak balikan sino man sa kaniyang pamilya.

“But we need you here!” maktol ni Farez. “Please don’t go! Please! Please!” Yumakap ito nang mahigpit sa baywang niya.

“Are you really leaving?” Tumayo na rin si Abila at lumapit sa kaniya.

“Farez! Abila! No!” bulyaw ng ina nilang humakbang palabas sa pintuan ng master bedroom. Marami pa itong binitiwang salita sa sarili nilang wika. Para iyong ratrat ng armalayt. Kaunti lang ang naintindihan ni Marites. Pinapalayo ang dalawa ng kanilang ina sa kaniya. Hinatak pa nito sa tainga si Farez.

Tinungo ni Marites ang maliit niyang kuwarto. Dating bodega iyon. Mukha pa ring bodega at amoy-bodega pagkaraan ng anim na taon. Wala kasi ni isang bintana o siwang maliban sa pintuan.

Inilapag ni Marites sa mesita ang kaniyang shoulder bag na may lamang plane ticket. Hindi niya alintana ang nagmamatyag na gagambang-bahay na gumapang mula sa kisame papunta sa kaniya. Binuksan niya ang maleta. Habang tinutupi ang kaniyang mga damit at maingat na isinasalansan ang mga iyon sa loob ng maleta, naisip niyang sa mga sandaling iyon ay baka ipinapasok na rin sa loob ng isang espesyal na kabaong ang mga labi ni Anissa. Dagli niyang hinatak ang zipper ng maleta para isara iyon. Lumikha iyon ng tunog at naramdaman niyang parang may pinupunit na kung anong pilat sa kaloob-looban niya. Hinatak niya ang maleta, saka sinipa papasok sa ilalim ng kaniyang higaan. Sinundan iyon ng gagambang-bahay na nawala sa dilim ng silong.

HUMAGULGOL ANG MGA batang hindi pinahintulutang sumama sa international airport. Mami-miss nila ang adobo ni Marites.

Natutuhan agad ni Marites ang mga lokal na putahe matapos siyang turuan ni Haasim kung paano ihanda at lutuin ang mga iyon. Pero nagluluto rin siya ng mga pagkaing Pilipino. Halimbawa na nito ang kaniyang adobong manok na may improvised na laya, lasona, at sukang Iloko. May patis, paminta, at laurel sa mga estante ng grocery na pag-aari ng isang Pinay na nakapag-asawa ng Lebanese national. Sarap na sarap sina Farez at Anisa sa kaniyang adobo. Gayon din si Haasim. Pero lagi itong iniirapan ng madam na walang alam sa pagluluto.

Mami-miss din ng mga bata ang mga turo niya tungkol sa arithmetic at acceleration. Hirap na hirap man siyang intindihin ang advanced lessons ng mga batang naka-enrol sa international school, tinuturuan pa rin niya ang mga ito sa pagre-review, lalo na kung panahon ng examinations. Iyon yata ang dahilan kung bakit nagtagal siya sa mga El Sayed. Suwerte na lang niya na hindi siya ginapang sa kaniyang kuwarto. O kaya ay pinagbuhatan ng kamay ng kaniyang amo.

NANLALAMIG ANG MGA palad at talampakan ni Marites. Lulan ng eroplanong magbabalik sa kaniya sa kapuluan ang mga labi ni Anissa. Para nga siyang naatasan bilang opisyal na tagapag-asikaso para ihatid ang bangkay sa pamilya ng kaniyang kaibigan. Naroon siya dapat para harapin ang mga sasalubong na mga opisyal ng gobyerno at media.

Bitbit ang kaniyang shoulder bag, cardigan, at boarding pass, binagtas niya ang pasilyo sa loob ng eroplano. Nanlaki ang mga mata niya. Window seat ang nasa tiket niya, pero nadatnan na niya sa kaniyang upuan ang isang kababayang naghihilik na parang baboy na may suot na

face mask. Kinutuban siyang nagpapanggap lang itong natutulog para hindi na patayuin ng flight attendant at palipatin sa tamang lugar.

"Hi, ma'am! Do you need help?" ungkat sa kaniya ng stewardess.

"I'm okay," tugon niya.

Ipinasok niya sa overhead compartment ang kaniyang bag saka umupo sa aisle seat. Saan kaya naka-assign ang lalaking umagaw ng upuan niya? Halos kalahati lang ang mga pasahero ng eroplano. At dahil siguro sa social distancing, bakante ang upuan sa pagitan nila ng lalaki.

Nagsalita na ang stewardess para ipakilala ang kanilang kompanya at magbigay ng kinagawiang instruksiyon sa mga pasahero. Ipinakabit na sa kanila ang kani-kanilang seatbelt habang binabalot sila ng usok ng purong oxygen. Awtomatikong nagbukas at namatay ang ilaw sa ibabaw ng bawat pasahero. Unti-unting yumugyog sa pang-angat ang eroplano. Naramdaman ni Marites ang bigat. Pakiramdam niya ay hinahalukay ang kaniyang mga bituka.

Humigit-kumulang 37,500 talampakan ang layo mula sa kalupaan, pumikit si Marites at pinangko ang kaniyang cardigan. Sinilip niya sa gilid ng mata ang langit na nakakuwadro sa bintana. Abot-kamay na lang niya iyon dahil sa kababayan niyang kinawat ang kaniyang upuan. Kung bakit niya pinayagang mangyari iyon. Sising-sisi siya. Kalahating araw sa ere ang eroplano. Ilang ulit niyang naisip na gumawa ng aksiyon. Gising na ang lalaki sa tabi ng bintana. Sinisilip nito ang mga ulap.

Sumagi sa utak ni Marites ang kaniyang kaibigan na kasalukuyang nahihimlay sa isang dako ng eroplano. Hindi na niya naipagtapat kay Alissa ang totoong kuwento ng buhay niya.

Panahon iyon ng kampanya para sa pambansang eleksiyon. Kinuha siyang team leader sa kanilang barangay ng kandidato sa pagkameyor na naka-align sa dating diktador na muling tumatakbo bilang pangulo ng bansa. Kinontrata niya ang kaniyang mga kapitbahay. Binigyan

niya sila isa-isa ng t-shirt na may mukha ng meyor. Isusuot nila ito kapag dumaan sa kanilang kalsada ang parada ng kandidato. Siya rin ang nangontrata ng mga magkakabit ng mga tarp at iba pang campaign material. Ang mga inupahang ito ang siyang magbabaklas din ng mga tarp at iba pang campaign material ng mga kalabang kandidato sa lahat ng sulok ng kanilang barangay.

Pinangakuan ni Marites ng tig-aanim na libo ang kaniyang mga kapitbahay para iboto ang buong ticket ng meyor. Siyempre kasama na rito ang dating diktador. Dumaan ang mga araw, pero hindi niya naibigay sa kanila ang kaniyang mga ipinangako. Inaraw-araw siya ng mga ito. Tinatawag siya lagi kapag nagdaraan siya sa mga eskinita. Sinasadya siya sa inuupahan niyang bahay. Naroon sila sa pintuan, isinisigaw ang pangalan niya, parang paybsiks o delivery rider.

Nakaboto na sila't lahat ay hindi pa rin lumilitaw ni isa sa ipinangakong anim na libo. Nagwagi ang buong ticket ng meyor, wala pa rin ni anino nina Jose Abad Santos, Vicente Lim, at Josefa Llanes Escoda.

Ang totoo, pinangakuan lang din si Marites at ang iba pang mga team leader ng bawat barangay. Binigyan sila ng mother team leader nila ng mga blangkong listahan. Doon pinasulat ang mga pangalan, address, at cellphone number ng mga residente ng barangay na susuporta sa meyor. Ang mga nakalista lang doon ang mabibigyan ng anim na libo bawat isa. Pero walang dumating kina Marites maski isang kusing. Ang totoo, hindi rin ibinigay ang ipinangakong sampung libong piso para sa bawat team leader.

Lumipas ang tatlong linggo matapos ang eleksiyon. Nagluluto noon si Marites nang dumating ang kaniyang anak mula sa pakikipaglaro sa mga kapitbahay na kaedad nito. Kinuha ni Eunice ang kaniyang cellphone nang walang paalam. Sinimulang dutdutin ito.

Lumitaw sa tapat ng pintuan nila ang mga kalaro ni Eunice. “Huli ka! Ang daya mo!” reklamo nila. “Ate Marites, si Eunice oh!”

Nagtatagisan pala sa Math ang mga bata. Nagpaalam si Eunice sa kanila na uuwi para uminom lang ng tubig, babalik ulit pagkatapos. Pero nakatunog ang mga bata at sinundan siya. Naabutan nila siyang ginagamit ang calculator ng cellphone.

‘Mandaraya si Eunice. Kanino ba niya namana ang masamang ugali niya?’ kambat ng isip ni Marites.

Nilundag ni Marites ang walis tambo, hinablot iyon, saka sinugod si Eunice. Hinampas niya nang hinampas sa binti ang kaniyang anak. Napapaigtad ito para iwasan ang tama ng puluhan. “Kanino mo natutunan ‘yan, ha? Kanino mo natutunan ‘yan, sabi? Hindi ganyan ang itinuro ko sa iyo!” Pinaliguan niya ng mura ang bata. Binitawan lang niya ang hawak nang makitang hindi na umaaray ang pinapalo, hindi na tumatangis. Hindi na humihinga.

NAPUTOL ANG PAGBABALIK-TANAW ni Marites. Saglit na nangibabaw ang kaguluhan sa mga upuan sa bandang likuran ng eroplano. Nang lumingon siya, isang babaeng abuhin na ang buhok ang kaniyang natanaw. Nakahiga na ito sa sahig sa gitna ng pasilyo. May kung sinong pasahero ang nakaluhod sa tabi nito, nakadantay ang mga daliri sa lungayngay nang leeg.

Umiling ang may-ari ng mga daliri. Dinaluhong ng hiyawan ang cabin. May nasagap siyang ilang kuro-kuro. Alumpihit daw sa kinauupuan ang babae kanina. Saklot-saklot ang naninikip na dibdib. At ngayon…

Tatlo na ang patay sa eroplanong iyon, naibulong ni Marites sa sarili. Ang totoo, apat. Hindi napansin ni Marites ang pagpasok ng gagambang-bahay sa maleta niya habang inaayos niya sa huling pagkakataon ang kaniyang mga gamit. Napitpit iyon sa nakabalot na mga damit.

Nagduduyan sa hangin ang eroplanong humigit-kumulang 37,500 talampakan ang layo mula sa kalupaan. Nalulunod pa rin sa alimpuyo ng bulung-bulungan at hiyawan ang cabin. Nag-aanunsiyo na ang kapitan sa mga ispiker. Palipat-lipat sa mga upuan ang mga flight attendant, kinukumbinsi ang mga pasahero na wala silang dapat ipag-alala. Nilingon ni Marites ang mga nasa likuran niya. Binuhat ng ilang pasahero ang bangkay, dinala sa pinakahuling upuan. Iyon lamang ang upuan sa eroplano na may nakakabit na kurtina. Pinaupo roon ang matanda saka tinakpan ng tabing.

Naulinigan ni Marites ang 'COVID' at 'cardiac arrest' sa mga bulung-bulungan. Pumikit siyang muli at hinigpitan ang yakap sa kaniyang cardigan. Malamig pa rin ang kaniyang mga palad at talampakan. Ganito nga ba ang pakiramdam ng isang patay? Pagkatapos ng mandatory quarantine sa kung saang hotel sa Maynila, at pagkatapos maipasa ang mga labi ng kaibigan sa mga kaanak nito, lalapit siya sa mga awtoridad at ipagtatapat ang nagawa niya sa kaniyang anak. Magagaya siya sa isang gagambang ikukulong sa loob ng posporo. Pero hindi bilang isang gagambang-bahay, kundi isang gagambang pula.

Kailangan tanggapin nang buo ni Marites ang kaniyang pagkakasala. At kailangan niyang ilantad ang pagkakasala ng iba. Lalapit siya sa media o sa isang abogado para ibunyag ang mga nalalaman niya bilang team leader at rekruter ng mga flying voter sa kanilang barangay minsan isang eleksiyon sa Pinas. Eh ano kung hahabi siyang muli ng panibagong buhay pagbalik niya? Mas matibay ngayon ang sapot niya. At sa pagkakataong ito, handa na siyang bitagin ang mga nananamantala sa gaya niyang nasilo ng hirap ng buhay.